THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we approve House Bill No. 5869 on Second Reading.

I so move, Mr. Speaker.

VIVA VOCE VOTING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). There is a motion for the approval of House Bill No. 5869 on Second Reading.

As many as are in favor, please say *Aye*.

SEVERAL MEMBERS. *Aye*.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). As many as are against, please say *Nay*. (*Silence*)

The Majority Leader is recognized.

APPROVAL OF H.B. NO. 5869 ON SECOND READING

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). The *ayes* have it; the motion is approved.

House Bill No. 5869 is approved on Second Reading.

The Majority Leader is recognized.

SUSPENSION OF SESSION

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move for a few minutes suspension of the session.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). The session is suspended.

It was 5:17 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 5:20 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). The session is resumed.

The Majority Leader is recognized.

CONSIDERATION OF H.B. NO. 5832 *Continuation*

PERIOD OF SPONSORSHIP AND DEBATE

REP. AGABAS. Mr. Speaker, I move that we resume consideration of House Bill No. 5832, under Committee Report No. 142. For this purpose, may I ask that the Secretary General be directed to read only the title of the Bill.

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Secretary General is directed to read only the title of the measure.

THE SECRETARY GENERAL. House Bill No. 5832, entitled: AN ACT CREATING THE DEPARTMENT OF FILIPINOS OVERSEAS AND FOREIGN EMPLOYMENT, DEFINING ITS MANDATE, POWERS AND FUNCTIONS, APPROPRIATING FUNDS THEREFOR.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). The Majority Leader is recognized.

REP. AGABAS. Mr. Speaker, I move that we recognize the Gentleman from the Fifth District of Batangas, Hon. Mario Vittorio “Marvey” A. Mariño.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). Representative Mariño is recognized to continue sponsorship of the measure.

REP. AGABAS. Mr. Speaker, I move to recognize Cong. Arlene D. Brosas for her interpellation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). Honorable Brosas is recognized for her interpellation.

REP. BROSAS. Thank you, Mr. Speaker. Mr. Speaker, G. Isponsor, maaari po bang magtanong ng ilan lamang kaugnay sa Bill na lumilikha ng Department of Overseas Filipino Workers?

REP. MARIÑO. Yes, Mr. Speaker.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, G. Isponsor, bago natin pag-usapan ang detalye ng ipinapanukalang Department of Overseas Filipino Workers, mainam na mailatag muna natin kung ano ba sa aktuwal ang batayan ng panukalang ito at kung saan direksiyon natin gusto dalhin ang mga

kababayan natin, lalo na ang mga kababaihang Pilipino. Sa bahagi po namin sa GABRIELA Women's Party, napakahalaga na mailinaw, lalong-lalo na mahigit kalahati o 55 percent ng mahigit 10 milyong OFWs sa iba't ibang sulok ng daigdig ay mga kababaihan.

Isa po sa mga sinasabing batayan ng pagtutulak ng pag-buo ng Department of OFW ay ang Global Compact for Safe, Orderly and Regular Migration na pinirmahan noong July 11, 2018. Tama po ba, Mr. Speaker?

REP. MARIÑO. Yes, Mr. Speaker.

REP. BROSAS. G. Ispiker, may probisyon po sa Global Compact under Objective 2 kaugnay ng pag-minimize ng adverse drivers and structural factors that compel people to leave their country of origin. Kumbaga, tumutukoy po ito sa push factors kaugnay ng migration gaya ng kahirapan at kawalan ng trabaho sa ating bayan na dapat ay komprehensibong tugunan.

Ngayon, mistulang taliwas po sa diwa ng Objective 2 ng Global Compact ang House Bill No. 5832 na lumilikha ng Department of Overseas Filipino Workers dahil ilan sa mga layunin ng panukala, bukod sa paglikha ng bagong ahensiya ay, mula po doon sa Bill mismo, Section 5(n), line 34, kung saan ang nakalagay po doon, "provide job matching services to the public with the view of promoting global competitiveness of the Filipino." Pangalawa po, sa same Section 5(s), line 16, it states, "assist in the professionalization, training and capacity building of private recruitment agencies."

Mr. Speaker, G. Isponsor, ano po ang ibig sabihin nito, bakit meron mga section kung saan sinasabi pa or being viewed in the future na dapat may matching services to the public para sa pag-promote ng global competitiveness. Tapos, mayroon pang professionalization, training at capacity building para sa mga mismong private recruitment agencies, Mr. Speaker, G. Isponsor?

REP. MARIÑO. Mr. Speaker, unang-una, doon po sa mga recruitment agencies, siyempre, dapat naman po talaga mayroong proper briefing o training doon sa practices ng tamang pag-recruit dahil marami naman talagang nangyayari na mga underage o illegal recruitment ang nangyayari sa ating bansa. Hindi naman po ibig sabihin na kung kailangan natin silang i-train, ay pino-promote na natin na paalisin ang ating mga kababayan. Hindi po iyan ang hangad. Ang hangad lang po natin ay ma-recognize po natin na marami ang nagtatrabaho sa ibang bansa, at iyan naman ay karapatan nila para sila ay pumili ng kanilang opportunities, na sabi po kanina na nasa 10 million ang ating Filipino overseas workers. So, itong kini-create na departamentong ito ay tugon lamang sa mga pangangailangan ng ating mga kababayan pero hindi po natin pino-promote na sila ay paalisin. Ang ginagawa nga po natin, katulad noong "job matching," kung sino

iyong mga nasa abroad ay dapat may job matching para ang mga available na trabaho dito sa ating bansa upang sa gayon, sila ay puwede makabalik. Iyon po ang hangad ng ibang probisyon sa section na nabanggit kanina ng ating kasama, Mr. Speaker.

REP. BROSAS. Yes, Mr. Speaker, G. Isponsor. Binanggit po ninyo na hindi ito necessary at ang sabi ninyo na ito ay paglu-look forward sa pagma-migrate o pagkakaroon pa ng trabaho sa labas ng bansa. Alam po ninyo, ilan sa mga problemang hinaharap ng mga Filipino migrant workers natin ay ang private recruitment agencies mismo nila, hindi po ba? May mga example po tayo diyan ng matitinding pang-aabuso na hinaharap ng workers natin. Actually, ito po iyong kailangang tugunan na problema, doon dapat mag-respond at hindi po sa pagti-train, pagpapa-professionalize, pagbi-build ng capacity ng mismong private recruitment agencies. Parang sinabi po natin na tayo ay nag-engganyo pa lalo na magkaroon ng mga ganitong ahensiya, Mr. Speaker, G. Isponsor.

REP. MARIÑO. Mr. Speaker, ang ibig sabihin po ng "to professionalize ang ating recruitment agencies" ay para nga maiwasan ang illegal recruitment, at kaya po natin pino-professionalize iyan ay marami po kasi ang mga nagba-violate sa mga batas dahil alam natin na ito ay market-driven. Malaki po ang kinikita ng mga recruitment agency sa bawat tao na mapaalis nila.

Ang sinasabi po natin ay nangyayari talaga iyong recruitment kaya po dapat natin maisaayos na tama naman ang pagre-recruit. Ibig sabihin, hindi labag sa batas. Iyon po ang ibig sabihin ng trainings na ginagawa ukol sa mga recruitment agency.

REP. BROSAS. Yes, Mr. Speaker, G. Isponsor. Magbibigay lang po ako ng isang halimbawa kung paano na ang mga private agency pa mismo ang lumalabag sa karapatan ng ating migrant workers. Ang 10 o 11 days bago mo makuha ang bangkay ng migrant worker, usually po ang sinasabi nila kapag nagkakaproblema sa ganyan, kailangan muna magpaalam doon sa recruitment agency. Iyon po ang nire-reklamo ng ating regular migrant workers at hindi po ito nare-respondahan ng mabuti ng mga ahensiya, kahit po ng DFA at ng DOLE. May mga halimbawa po na ang mga kababayan natin na 10 o 11 days bago nakaka-respond ang mga ahensiya. Hindi po ba dapat iyon ang asikasuhin? Hindi po iyong capacity building kasi parang nagbigay pa tayo ng mas lalong leeway para sa private recruitment agencies na lumawak or dumami, Mr. Speaker, G. Isponsor.

REP. MARIÑO. Mr. Speaker, gaya po ng sabi ko kanina, ang training po doon sa recruitment agencies is to ensure that they are compliant with the ethical standards at saka capacity building din ito pero siyempre, iyong sinasabing issues na nagpapaalam pa bago ma-ship

ang mga labi ng mga namamatay na overseas workers, iyan po ay depende doon sa pagpo-process at batas ng host country. Lahat naman po ito—kaya nga po nagcreate tayo ng departamento para iisa na lamang iyong ahensiya ang mag-iintindi ng lahat ng issues na ito.

Sa ngayon po, siguro dahil maraming coordination with the different agencies at bureaus, dahil diyan ay nade-delay din siguro. Hindi naman po siguro kaila sa atin na ang lahat ng mga ito may coordinating with each other kapag may mga problema pero kapag na-create po ang departamento na ito, iisa lamang iyong Secretary, isa lamang ang boss nila, kaya mas lalong mabilis ang kanilang pag-aksiyon na nabanggit ng ating kasamahan regarding sa mga problema, Mr. Speaker.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, G. Isponsor, hindi ba nangangahulugan ito ng pag-iinstitusyonalisa o pagtitibay sa pag-export ng mga manggagawang Pilipino bilang opisyal na patakaran ng Estado? Paano magiging totoo iyong sinasabi na migration should never be an act or choice kung magiging instrument ang ahensiya sa pag-supply ng lakas paggawa sa ibang bansa habang hindi naman natutugunan ang kawalan ng trabaho dito mismo sa ating bayan? Sa halip po na tulungan ang private recruitment agencies sa ngalan ng professionalization at capacity building, mas mainam kung ang magiging direksiyon ay ang pagpapanagot ng mga recruiter na sangkot sa mga kaso ng trafficking, karahasan at abuso sa ating mga kababayan, lalo na sa mga kababaihan. Hindi pa po ako pumupunta sa structure, kahit sa Secretary, pero ang tinatanong ko pa lang ay iyong kaugnay sa private recruitment agencies at ang professionalization at capacity building na sinasabi natin, samantalang hindi tayo makapaganagot ng mga recruiter na sangkot sa mga kaso ng trafficking, karahasan, or marami pa rin tayong cases na hindi tayo nakakapaganagot ng mga recruiter na sangkot nga sa kaso ng trafficking, karahasan at abuso sa ating mga kababayan, lalo na sa mga kababaihan.

Perfect example po nito si Villavende kamakailan lang, isang kaso mula sa Kuwait na dinala ang bangkay dito sa Pilipinas. Ayon sa NBI ay matindi ang kinaharap niyang abuso sa bansang Kuwait, Mr. Speaker, G. Isponsor.

REP. MARIÑO. Again, when we look at the policy, Mr. Speaker, ang polisiya po natin hinggil sa migration ay personal choice iyan ng ating mga kababayan at ginagawan lang po natin ng paraan na sila ay mapangalagaan sa pagki-create ng departamentong ito. Alam po natin na mayroong mga problema sa ngayon sa mga ahensiya kung papaano tutulungan gaya noong nabanggit na kaso, but that is included in the mandate of this department. Kasama po iyan sa mandato and in fact, one of the Undersecretaries, specifically the Undersecretary for Foreign Employment, is the one in charge of the regulation of the recruitment agencies

and the Department has quasi-judicial functions as well. Kaya nga po kailangan dumaan sila sa proseso para nga ho maiwasan iyong mga hindi sumusunod sa mga polisiya. Iyon po ang ibig sabihin ng nagkakaroon tayo ng polisiya regarding recruitment agencies.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, G. Isponsor, isa-cite ko ulit iyong Global Compact on Migration, na ito ay isang blueprint or neoliberal blueprint to uphold migration as a tool for development, instead of charting a path for genuine reintegration through national industrialization and addressing economic issues like contractualization, depressed wages and soaring prices of goods, and the lack of quality and affordable social services to stop the massive outward migration of Filipinos.

Ang sinasabi ko po na dapat ito ang mga inaasikaso ng ating gobyerno para masabi natin, kung talagang may free choice ang mga tao, na hindi talaga sila pupunta sa ibang bansa kasi nare-resolve natin ang issues na ito. Hindi rin tayo o ang gobyerno na mag-stick sa approach na magkaroon ng loan offers para sa OFWs at magkaroon ng State exaction fees na tumutulong daw sa ekonomiya natin pero hindi naman tayo nakakapagdevelop ng local industries at hindi napa-prioritize iyong local employment natin. Contradictory po ito sa sinasabi na we are serving the needs of our OFWs, Mr. Speaker, G. Isponsor.

REP. MARIÑO. Mr. Speaker, ang departamentong ito ay mayroong programa para sa OFWs na magbabalik sa ating bansa. Hindi naman ibig sabihin sila ay pinaalis bilang policy. In fact, kasama rin po sa mandate ng departamento kung ano ang puwede nilang gawin sa kanilang pagbabalik. May mga programa sa departamentong ito sa pagbabalik ng ating mga kababayan kaya nga po ito kini-create ay para ma-streamline ang mga proseso para sila ay makabalik agad na mayroon silang trabaho.

I also mentioned earlier that the job matching capabilities ng departamento ay upang malaman din, for example, Mr. Speaker, ang kontrata ng isang manggagawa ay isang taon kaya dapat bago pa matapos ang kanilang kontrata, sila ay binibigyan na ng pagkakataon na makapili. Kagaya po ng isang programa ngayon para sa teachers na bibigyan sila ng item ng ating gobyerno pero ito ay hinahanda bago pa matapos ang kanilang mga kontrata.

Iyon po ang kagustuhan natin mangyari sa pagki-create ng departamentong ito. Again, it is not a policy. I understand that global migration is a global strategy, but it does not prevent any country from acting on the situation, in which case, ang sitwasyon po natin sa ating bansa ngayon ay napakadami ang gusto magtrabaho abroad. Hindi naman po natin sila pinadala doon at sila ay kusang nagtrabaho doon. Ang atin pong gustong mangyari ay bumalik sila with the set of skills na kanilang natutunan abroad. In fact, I am an example of

an OFW who worked in the United States for 10 years. Ako po ay nagtrabaho ng 10 taon. Ako po ay nag-aral at iyong aking nalalaman ay naitulong ko—ako po ay nakabalik dito at naitulong ko sa ating bansa ang aking nalalaman.

Iyon po ang pananaw siguro na dapat tingnan natin sa kabuuan. Maaaring nag-a-abroad po ang ating mga kasamahan, but let us look at it as if they will come back on a later date.

Wala naman pong OFW na gusto na magtrabaho habang buhay sa ibang bansa at lahat po iyan ay gustong bumalik one way or the other. In fact, iyon pong mga nag-migrate na sa ibang bansa, particularly United States and Canada, mayroon din tayong programa na sila ay binibigyan din natin ng pagkakataon na bumalik dito dahil sila po ay mayroon nang set skills at saka may resources na din po sila para sila ay magtrabaho dito. So, ang kagandahan po ng pag-create ng departamento na ito ay lahat po ay matitingnan natin iyong mga problema at lahat po ay maaaksiyunan nang mabilis, hindi po gaya ngayon.

My committee is the Government Reorganization, so, niri-reorganize lang po natin iyong bureaus at agencies so that ma-streamline and will have faster service para po sa ating mga kababayan, Mr. Speaker.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, G. Isponsor, iyong usapin po ng sinasabi na choice ng mga tao, baka po kailangan nating pag-aralan kung bakit may diaspora tayo na nagaganap ngayon at napakarami talagang Pilipino iyong nagtatrabaho sa ibang bansa. For example, kami po sa Makabayan, we think that there is a failure to address the problems of high unemployment and economic underdevelopment here in the Philippines, at iyon po ang dapat unang nire-resolve natin sa kasalukuyan.

Ngayon, sa Duterte administration po, mag-i-intensify talaga iyong systematic drive to perpetuate a labor export program kapag hindi po nare-resolve iyong mga basic issue na ito. Kaya nga sinasabi ko kanina, halimbawa, wala naman po tayong mga industriya dito, kailangang i-address iyong economic issues natin, iyong contractualization, e ano po bang trabaho mayroon dito—puro kontraktwal, tapos depressed wages o mababa ang sahod. Kahit po siya, sabihin na natin, na hindi gusto ng tao na umalis pero dahil ganito iyong conditions na mayroon tayo, parang sinabi na rin natin o tinulak natin sila sa ganoong condition—umalis ng bansa at humanap ng trabaho na may nakabubuhay na sahod at regular ang kanilang status. Kaya as a policy po sa usapin dito, ito po iyong mga basic na dapat tugunan ng Duterte administration na sa kasalukuyan ay nagpi-fail siya.

So, Mr. Speaker, G. Isponsor, hindi pa po tayo nag-uusap nga ng reorganization—tama po ba iyon, reorganization, pagsasama-sama ng mga ahensiya—at

nag-uusap pa po tayo ng labor export policy na mayroon ang kasalukuyang pamahalaan at ang pag-a-address dito. Kung wala po tayong malinaw na pag-a-address dito, paulit-ulit po itong mangyayari na palagi sa bawat administration, nakita naman po natin iyon, palagi na ang mga administrasyon, pati ang mga nakaraang administrasyon din, ay nagpapadala ng maramihan na mga migrant worker sa labas ng bansa. If this administration really intends to address the roots of the forced migration and to end labor export, bakit po tayo kailangang mag-create ng isang Department of OFW, hindi ba, Mr. Speaker, G. Isponsor?

REP. MARIÑO. Mr. Speaker, alam naman po natin na talagang mayroong mga bagay kaugnay ng ekonomiya natin, na walang choice ang ating mga kababayan but iyan naman po ay ginagawan natin ng paraan. Mayroon ho tayong Build, Build, Build Program at tinitingnan ko rin po iyong mga datos na, sa tingin po namin, na pag-aaralan ko lang nang mabuti, ay marami po ang bumabalik na mga overseas Filipino workers dito sa ating bansa dahil nagkakaroon po ng iba't ibang mga opportunity. Again, opportunities are based on supply and demand dahil kung mayroon po ditong mas maganda na trabaho, siyempre dito po sila pupunta. Kaya po natin kini-create ang departamento na ito ay sa ngayon po ay mayroon pong pangangailangan ang 10 milyon nating kababayan na nasa abroad.

Simultaneous po ang pag-solve natin ng problema. Hindi naman po ibig sabihin na hindi tayo dapat mag-create ng isang departamento upang tulungan iyong 10 milyon nating mga kababayan dahil hindi pa natin naaayos ang ating ekonomiya dito. Kailangan po ay simultaneous ginagawan natin ng paraan. Nagkataon po na mayroon tayong 10 milyon kababayan na nasa abroad na napakalaki ng kontribusyon sa ating ekonomiya. Dapat po ba nating hindi i-create ang departamento na ito ngayong sila ang nananawagan at nangangailangan? Ang sagot ko po doon sa tanong kung bakit iki-create ang departamento na ito ay ito po ang kahilingan ng ating mga kababayan. Iyon po ang ating pinakikinggan sa mga panahon na ito, na ito po ay kanilang kahilingan at sila po ay naghahanap ng gobyerno na poprotekta sa kanilang mga karapatan hanggang sa sila ay magbalik dito sa ating bansa kapag mayroon nang magandang opportunity.

It is also the job of this department to find them a better opportunity when the time comes. So, hindi naman po ibig sabihin na ngayon na walang opportunity ay hindi na natin dapat i-create ang departamento na ito. Mas lalo nga po nating kailangan ang departamento na ito dahil napakadami po ng mga issue na nangyayari ngayon. May legal issues, may mga panghanapbuhay na issue, trabaho issue, so, mas lalo po nating kailangan dahil ito po ang sagot doon sa mga hinaing ng ating mga kababayan para isa lang po iyong pupuntahan nila. Ang set-up po natin ngayon ay napakadaming ahensiya ang

kanilang dapat puntahan at iba-iba iyong hina-handle na mga programa, so, minsan po ay nagkakadoble-doble pa, kaya maganda po na ma-create talaga ang departamento na ito.

Again, doon sa mga issue na walang opportunity dito, maaari po pero hindi po natin sila itinataboy dahil hindi po natin sila ipinipilit na magtrabaho abroad. Again, that is their choice. Nagkataon lamang po na mayroon silang magandang oportunidad sa ngayon but again, this Bill has a sunset provision. In fact, pag-aaralan po natin after 10 years kung kinakailangan po ang departamentong ito dahil marami pong mga pangyayari sa ngayon ang puwedeng wala na pong magtrabaho abroad—for example, ngayon, pinapauwi iyong mga OFW dahil mayroong epidemic sa Wuhan, China, so, agad-agad marami ang babalik. Sino po ang maghahanda sa kanilang pagbabalik? Katulad po sa Middle East kung sakali na, huwag naman sana, magkaroon ng giyera ang Amerika at ang Middle East and again, pauwiin po natin ang napakadaming manggagawa—nasa two million. So, sino po ang mag-aasikaso doon sa repatriation noong two million overseas workers? So, sabi ko nga po, ito po iyong kailangan talaga natin. Hindi po tayo reactive at kailangan po ay proactive tayo. Kaya nga po dapat maaga pa, bago pa sila umalis ng bansang ito, ay nabibrief na sila kung ano iyong mangyayari sa kanila kapag sila ay nagtrabaho abroad.

In fact, dapat din po nilang malaman iyong mga risk na kanilang haharapin. Puwede po silang madiscourage at puwede naman po silang tumuloy, kaya nga po iyan ay choice nila. Hindi po natin sila pinipilit na magtrabaho abroad. We are not recruiting them to work abroad, but let me just say that the global trend right now is to send people abroad so that they will learn different skills. Marami po sa Amerika, even sa China, pinapadala nila ng kusa. It is their policy to send people abroad so that they will learn global practices, so that they will experience what are the global practices, at ito po ay para mayroon silang programa para bumalik. Pagbalik po noon ay dala-dala nila ang kanilang mga kaalaman, dala-dala nila ang resources, so, iyon po ang gusto nating mangyari sa pag-create ng departamentong ito, Mr. Speaker.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, G. Isponsor, actually ito po iyong sinasabi namin na hindi dapat piecemeal approach ang ginagawa sa mga issue ng mga OFW para ma-resolve ang malalaking problema ng OFWs in distress, ano po. Kasi kapag tiningnan po natin nang ganoon, parang nagmumukhang, oo nga, kailangan po natin o nagiging appealing iyong magkaroon ng Department of OFW pero ito ba talaga iyong makaka-resolve sa problema ng ating mga kababayan?

So, ito pong piecemeal approach, kaya nga kanina ay binabanggit ko po the policy na mayroon tayo at iyong

mga ire-resolve na mga issue sa ating bayan, iyon talaga iyong dapat kasabay, kapanabayan na makapagbibigay ng genuine na protection, tapos, makakapag-reintegrate sa ating mga kababayan. Kasi hindi na sila maghahanap doon sa ibang bansa e. Necessity po siya e, hindi naman siya—most of our migrant workers o iyong mga lumalabas po ng bansa sa atin ay nagtatrabaho talaga. Hindi naman talaga iyong—mayroon tayo ilan, ano, for global competitiveness, siguro ay mag-aaral, et cetera, pero most of our kababayan, nagtatrabaho talaga iyon, hindi ba? Mula sa domestic workers hanggang sa skilled workers, iyon po ang kalakhan at karamihan. Kaya po pumupunta doon kasi kailangan ng trabaho at nakabubuhay na sahod. Iyon ang reality na mayroon tayo, na sasagutin po sana kung mayroon tayong industriyalisasyon at genuine agrarian reform dito at may improved social services at nakakapag-champion tayo ng labor rights. Sa trend po na mayroon tayo ngayon, binabawal pa iyong pag-uunyon at nagkakaroon pa po ng mga policy sa government na mas lalong pinalalala o pinasisikip iyong demokrasya para mas lalong gumanda iyong kalagayan ng ating mga manggagawa, aba ay hindi?

Pag-usapan po natin iyon kapanabayan nitong Department of OFW kasi kung ganito lang din po, di hindi rin talaga mare-resolve iyong tinatawag nga nating diaspora o pag-alis ng bansa nang maramihan ng ating mga kababayan para magtrabaho. So, necessity po siya, napipilitan siya—iyon ang tawag doon. Napipilitan iyong ating mga kababayan na magtrabaho sa ibang bansa dahil ito iyong kalagayan dito, hindi po maigi para sa ating mga Pilipino. Ganoon po iyon.

So, there is something wrong with that. Kung ang gusto lang natin ay ayusin iyong ahensiya ay i-address po natin iyong mga basic issue ng ating lipunan. Kapagka ganoon po natin iyon tiningnan, mas maniniwala po tayo na talagang matutugunan ang problema nila, ang problema ng bansa. Well, kasama po iyong migration. So, hindi po siya piecemeal. Talagang kailangan pong tingnan nang buo para ma-address iyong interest and concerns of the Filipino migrant workers at ng buong mga kababayan natin.

So, Mr. Speaker, G. Isponsor, gusto ko lang malaman kaugnay doon sa effects on government employees, ano, mayroon pong more than a thousand government employees expected to be affected by this large-scale reorganization. Ito po iyong pangamba ng mga tao. Many could lose their jobs dahil sa mga concerns, halimbawa, ng DOLE sa National Conciliation and Mediation Board, iyong National Labor Relations Commission, iyong government entities outside of the POEA and the OWWA that are bound to have their OFW-related functions na ma-cut. Ano po bang mangyayari sa kanila? Ilan po ba ang maaapektuhan nito? Ano po ang plano sa Department of OFW kaugnay nito?

REP. MARIÑO. Well, Mr. Speaker, unang-una, iyong kanina pong katanungan, gusto ko lang pong ipagbigay-alam sa ating kasamahan na ang 10 million Filipino overseas, mga kasamahan natin, 41 percent are OFWs, permanent migrants are 48 percent, irregular migrants are 11 percent. So, doon po sa sinasabi na contribution ng ating mga, for example, migrants, 48 percent po iyan. Napakalaki po ng kontribusyon niyan sa ating ekonomiya at kasama po dito iyong programa doon sa mga permanent migrants. In fact, hinihikayat nga po natin sila na bumalik sa ating bansa. Mayroon pong community-based communications doon sa mga migrant na gusto o puwedeng mag-invest dito sa atin. So, malaki po talaga ang sakop ng ahensiya na ito, na ang katanungan po kanina ay anong mangyayari doon sa mga ahensiya na pagsasama-samahin natin na ireorganize?

For example, the Office of the Undersecretary of the Office of Migrant Workers Affairs, also known as OMWA, will be subsumed under this department. Also, the Commission on Filipinos Overseas, the Philippine Overseas Labor Office (POLO) under the DOLE. Also the ILAB or International Labor Affairs Bureau, the POEA, and the Social Welfare Attache Office (SWATO) under the DSWD which is now operating as the International Social Services Office. So, ito po lahat ay masa-subsume, makakasama po siya doon sa departamento. Hindi naman po nangangahulugan na mawawalan sila ng trabaho. Siyempre, depende po iyan sa mga responsibilidad nila—whether it is duplication ba iyan ng trabaho o mas marami pang opportunities ang mangyayari dahil nga na-create ang isang departamento na ito, kaya sa tingin ko ay mas maraming opportunities for them—lateral or vertical movement. Mas marami pong opportunities, not necessarily na maraming madi-displace na workers sa government.

REP. BROSAS. May study na ba kayo kung ilan ang maapektuhan na mga empleyado o government employees kaugnay dito sa reorganization na magagawa?

REP. MARIÑO. I will get the details, Mr. Speaker, but since they will be subsumed, wala naman pong maaalis doon sa mga worker ng existing na ahensiya.

REP. BROSAS. So, Mr. Speaker, G. Isponsor, buong-buo na ipapasok sila doon sa ahensiya. So, tinitiyak po natin ito, dahil iyon po iyong sinasabi ninyo, tinitiyak ngayon na hindi magkakaroon ng loss of job sa mangyayaring ito, Mr. Speaker, G. Isponsor.

REP. MARIÑO. That is correct, Mr. Speaker,

REP. BROSAS. On to my next question, Mr. Speaker, G. Isponsor. Sinasabi rin na batayan ng

panukala ang umano ay pagkalito ng mga OFW at ng kanilang pamilya kung saan lalapit sa kalagayang kailangan nila ng tulong. Ilan na po ba ngayon ang host countries na may migranteng Pilipino, Mr. Speaker, G. Isponsor?

REP. MARIÑO. Again, Mr. Speaker, ilang countries ang ...

REP. BROSAS. Host countries na may migranteng Pilipino.

REP. MARIÑO. More or less 150, Mr. Speaker.

REP. BROSAS. Lahat po ba ng mga bansang ito ay may embahada o consulate ang Pilipinas?

REP. MARIÑO. Hindi po lahat, Mr. Speaker.

REP. BROSAS. Lahat po ba ng host countries na ito ay may POLO o Philippine Overseas Labor Office, Mr. Speaker, G. Isponsor?

REP. MARIÑO. Hindi po lahat, Mr. Speaker.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, G. Isponsor, ang gusto po nating puntuhin dito ay hindi puwedeng iangkas sa pagtatayo ng Department of OFW ang pagresolba sa mga fundamental na kakapusan sa pangangalaga ng gobyerno sa ating mga OFW.

Kung walang konsulado man lang o POLO sa mga lugar na may konsentrasyon ng mga OFW, bakit uunahin nating magtayo ng isang Department of OFW? Kung wala tayong pinapanghawakan na MOU sa isang bansa para matiyak na walang pang-aabuso sa ating mga manggagawa, bakit uunahin natin ang paggastos sa pagtatayo ng isa na namang bagong ahensiya?

Mr. Speaker, G. Isponsor, ang masaklap dito, sa pagtatayo mismo ng Department of OFW, baka mag-anak pa ito sa mas matitinding pangangailangan dahil sa direksiyon nito na pagtibayin at gawing episyente ang pag-export ng manggagawang Pilipino sa kasulukulukan ng mundo.

REP. MARIÑO. Mr. Speaker, ang budget naman po na ilalaan dito ay kung ano iyong existing na mga budget noong agencies. Iyon po ay masa-subsume at may idadagdag po tayong five billion pesos para pantulong doon sa mga pangangailangan ng ating mga kababayan. Hindi naman po ito masasabing malaki ang budget. In fact, if you consider their contribution to the economy, iyong mga pinapadala pong remittances ng ating mga kababayan, that is \$32 billion a year, at napakalaki po na tulong sa ekonomiya na ibinibigay ng mga remittances na iyan. That is almost 10 percent of

our GDP. So, how do we justify this dahil iyong budget po na ilalaan dito ay talaga naman pong maliit pa, considering that the contribution to our revenue is that much. Bukod po doon, hindi naman po natin maki-create iyong sinasabi kanina na pagandahin ang ating ekonomiya o bigyan natin ng social services kung wala naman po tayong sources of revenue. This is one of the sources of revenue, Mr. Speaker.

Kapag tayo po ay nagde-demand ng mga serbisyo, kailangan din po nating hanapan ng sources of revenue. Sa ngayon, ito po ang isa sa pinakamalaking sources of revenue. Kung dumating ang panahon na hindi na natin kailangan ang remittances o kinikita sa mga remittances ay mas maganda po dahil nangangahulugan na maganda na po ang ekonomiya ng ating bansa, pero hindi po gaganda ang ating ekonomiya kung wala po tayong revenue na inaasahan, at kailanman ay hindi rin po gaganda ang mga social services kung wala rin po tayong mga revenue na nakukuha mula sa mga OFWs natin or even sa mga migrants natin na nagpapadala ng pera dito sa ating bansa.

Again, if I were to justify the creation of this Department, number one, it is a necessary department. Number two, pangangailangan o matagal nang hiling po ito ng ating mga kababayan, 10 milyong kababayan. Ilang Kongreso na po ang dumaan at siguro ngayon lang ito may pag-asang maipasa. Kung hindi pa po natin ipapasa ngayon, kailan pa ho natin ipapasa ang departamento, ang pag-create ng departamento na ito? Aantayin po ba natin na gumanda ang ating ekonomiya bago tayo magpasa ng isang departamento? Sa tingin ko po ay simultaneous po dapat.

Marami pong mga nabanggit na issues but that is the job of other departments. It is not necessarily the job of this Department of Overseas Filipino Workers; it is also the job of other departments to create other opportunities; and it is the job of the government. Ang sinasabi ko lang po ay mas lalo ho nating paiigtingin at pagagandahin ang kalagayan ng ating mga kababayan kung mayroong isang departamento na tumututok sa kanila. Alam natin na kung ang kailangan na programa ay iyong pag-repatriate sa ating mga kababayan, iyon po dapat ang magiging focus ng departamento na ito. It is a balancing act kapagka po na-create ang departamento na ito. Anyway, that is an implementation problem. My job is to suggest the creation. Kapag na-create po iyan, saka po natin puwedeng i-review dahil mayroon naman pong Oversight Committee na puwedeng tingnan ang relevance ng na-create na departamento na ito, whether it is relevant. It could be irrelevant five years or 10 years from now but as of right now, Mr. Speaker, ito po ang pangangailangan ng ating mga kababayan.

REP. BROSAS. Mr. Speaker, G. Isponsor, naniniwala po ang Kinatawan na ito na kailangan talagang mag-hold ng mga series ng consultations with the OFWs kaugnay nitong iki-create o lilikhaing Department of Overseas Filipino Workers. Actually, hindi lamang po sa mga OFWs kung hindi sa public at mga stakeholders para naririnig talaga kung ito ba ang sagot, iyong pag-e-establish ng Department of OFWs para sa ating mga overseas Filipino workers.

Bukod po doon, nais ko lang sabihin na may mga demands ang mga overseas Filipino workers natin kaugnay ng mga kalagayan nila. Ito ay ilan lamang sa mga maaari kong ibahagi.

Unang-una, to conduct a full and independent audit of alleged abuse, misuse and corruption of OWWA Funds and to fully evaluate all of OWWA's existing programs. Sinasabi ninyo kanina, ipapasok siya ng isang buo. Baka po matugunan ng departamento iyan. Ikalawa, immediately order the release of OWWA funds to all rightful claimants dahil may mga rightful claimants po na hindi pa nakakakuha nito. Pangatlo, recall all abusive and erring officials in all Philippine posts. Ikaapat, prosecute officials involved in the "tanim bala" and balikbayan box extortion schemes. Imbestigahan po iyong smuggling syndicates na mayroon diyan. Ikalima, investigate and prosecute notorious recruitment agencies and their government coddlers including human traffickers, particularly Cristina Sergio and Julius Lacanilao, the traffickers of Mary Jane Veloso. Alam naman po natin iyong case noon at hanggang ngayon, hindi ba?

Abolish the irrelevant and money-making overseas employment certificates. Mayroon pong OEC na tinatawag na problema ng ating mga kababayan. Revoke the POEA's standard employment contract for seamen. Push for the inclusion of career international conventions and norms, obligations of states under international law to respect the rights of migrants and labors in school curricula. Ilan po iyan sa mga kahilingan ng ating mga migrante.

Ang sinasabi ko po, kung matutugunan ito lahat ng Department of OFWs, siguro po mabuti para sa ating mga migrante kung iyon ang magagawa ng isang Department of OFW pero kung hindi po, e baka dapat pag-isipan po natin ng mabuti. Mr. Speaker, G. Isponsor, kung ayuda po iyong pag-uusapan natin, may probisyon po doon sa panukalang batas hinggil sa Overseas Filipino Assistance Fund na nagkakahalaga ng limang bilyon para sa repatriation, legal assistance at iba pang tulong. Fixed po ba ang halagang ito?

REP. MARIÑO. Initial fund lang po iyan. Siyempre, kung madadagdagan po iyan, that is the prerogative of Congress.

REP. BROSAS. Kaya ko po naitanong iyan, Mr. Speaker, G. Isponsor, sa P5 billion annually, para sa humigit-kumulang na 10 milyon na migranteng Pilipino na sinabi ko kanina, parang lumalabas pagka tiningnan po natin, P500 lang po kada isang OFW iyan. Parang insulto naman po iyon sa mga kababayan nating pinipiga ng mga singil at fees bago pa umalis ng bansa tapos ipapako ang ayuda sa mga OFWs sa P5 bilyon. Halos katumbas lang po siya ng Confidential Fund ng Pangulo ngayong taon.

So, Mr. Speaker, G. Isponsor, sa tingin ko po, itong mga binanggit ko ay worth na i-review para makita po kung ano ang makakainam para sa ating mga kababayan sa labas ng bansa. Kung matutugunan effectively at efficiently ng isang Department of Overseas Filipino Workers o DOFW, iyong mga ganoong problema, e mainam po iyon pero kung hindi, baka pag-isipan po nating mabuti, Mr. Speaker, G. Isponsor.

REP. MARIÑO. Mr. Speaker, karagdagan na lang po siguro. Iyon pong mga binanggit kanina, these are implementation problems. Kapag na-create po ito ay puwede natin po sila, at least isa lang iyong Secretary, puwede nating tanungin siya doon sa mga implementation issues. Ngayon po, iyong pondo pong binanggit kanina na P5 billion, initially, mayroon pa po tayong puwedeng pagkuhanan ng karagdagang pondo. Ito po iyong sa exemption doon sa dollar remittances ng documentary stamp tax. Medyo malaki na rin po iyon na naipon sa mga nakaraang taon, kung hindi po ako nagkakamali, humigit-kumulang nasa P15 billion po ang collected doon sa mga exemption doon sa dollar remittances. Inuulit ko, ito ay one-five, P15 billion.

Tama po kayo, medyo maliit din pero considering that, even though we have 10 million overseas workers, hindi naman po lahat ng overseas workers ay nangangailangan ng tulong, iyon lang pong mga vulnerable at iyong mga nagkakaroon ng problema. In fact, iyong 49 percent po na migrants, sila po ang tumutulong at hindi po sila nangangailangan ng pondo. Kaya nga po naiipon iyong pondo sa OWWA dahil hindi naman po lahat ay nangangailangan ng tulong. Again, we are just focusing on the vulnerable sector. Hindi po natin puwedeng i-divide doon sa 10 million. Iyan po ay doon para sa mga nangangailangan at mas malaki po dapat ang makuha nilang tulong depende po sa sitwasyon. So, again, the budget will be allocated by this Congress in terms of kung ano talaga iyong kailangan ng departamento na ito.

Thank you, Mr. Speaker.

REP. BROSAS. Yes, panghuli na lang, Mr. Speaker, G. Isponsor. Gusto ko lang balikan ulit na ang kailangan

talaga nating asikasuhin sa ating bayan, siyempre, gusto po natin ng magandang polisiya para nang sa ganoon ay matugunan ang mga basic na pangangailangan ng ating mga mamamayan at hindi nga po sila mapilitang lumabas ng bansa para magtrabaho.

Mayroon po kaming people economics, may magagawa. Maganda pong i-review ang mga panawagang ito: isang clean environment, low prices, affordable transport, jobs for all, decent wages, free education, free health care, affordable housing. Iyon po ang mga kailangan nating magawa dito sa ating bayan nang sa ganoon ay mawala na iyong labor-export policy program ng gobyernong ito, Mr. Speaker, G. Isponsor.

Thank you.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). Maraming salamat po.

The Majority Leader is recognized.

SUSPENSION OF CONSIDERATION OF H.B. NO. 5832

REP. AGABAS. Mr. Speaker, I move to suspend the consideration of House Bill No. 5832.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

CHANGE OF REFERRAL OF CERTAIN MEASURES

REP. AGABAS. Mr. Speaker, I move for the change of referral of the following measures:

1. House Bill No. 3900 on creating the National Commission on Disability Affairs, from the Committees on Government Reorganization, and Social Services to the Committee on Government Reorganization and Special Committee on Persons with Disabilities;

2. House Bill No. 1291 on granting benefits and privileges to junior citizens, from the Committee on Welfare of Children to the Committee on Youth and Sports Development;

3. House Bill No. 1526 on banning minors from full-contact competitive sports, from the Committee on Welfare of Children to the Committee on Youth and Sports Development;

4. House Bill No. 4338 on establishing a national program for the Filipino gifted children, from the Committee on Youth and Sports Development to the Committee on Basic Education and Culture;

5. House Bill No. 5023 granting benefits and incentives to accredited Bantay-Dagat, from the

Committee on Aquaculture and Fisheries Resources to the Committee on Local Government;

6. House Bill Nos. 284, 2119 and 4081 on promoting integrated urban agricultural development in all metropolitan areas nationwide to address food security concerns, from the Special Committee on Food Security to the Committee on Agriculture and Food and the Special Committee on Food Security;

7. House Bill Nos. 855, 3412 and 5640 on promoting integrated urban agricultural development in all metropolitan areas nationwide to address food security concerns, from the Committee on Agriculture and Food to the Committee on Agriculture and Food and the Special Committee on Food Security;

8. House Bill Nos. 3174, 3423 and 5706 on allowing the use of waste to energy technology in electricity, fuel and heat generation, from the Committee on Energy to the Committees on Ecology and Energy; and

9. House Bill No. 3352 on requiring all graduating elementary, high school and college students to plant at least 10 tree saplings each as a prerequisite for graduation, from the Committee on Basic Education and Culture to the Special Committee on Reforestation.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

ELECTION OF MEMBERS TO COMMITTEES

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move that we nominate and elect Members of the House to various committees.

Rep. Palma read the names of the House Members elected to the various Committees, per Journal No. 36, dated January 28, 2020.

SPECIAL COMMITTEE ON GLOBALIZATION AND WTO

As members:

Rep. Luisa Loren Cuaresma
Rep. Franz “Chicoy” E. Alvarez
Rep. Florida “Rida” P. Robes
Rep. Geraldine B. Roman
Rep. Josefina B. Tallado
Rep. Samier A. Tan
Rep. Rowena Niña O. Taduran

COMMITTEE ON SUFFRAGE AND ELECTORAL REFORMS

As member:

Rep. Francisco G. Datol Jr.

COMMITTEE ON CONSTITUTIONAL AMENDMENTS

As member:

Rep. Gil “Kabarangay Jr.” A. Acosta

COMMITTEE ON TRANSPORTATION

As member:

Rep. Precious Hipolito Castelo

I so move, Mr. Speaker.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). Is there any objection? (*Silence*) The Chair hears none; the motion is approved.

The Majority Leader is recognized.

SUSPENSION OF SESSION

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move to suspend the session for a few minutes.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). The session is suspended.

It was 6:17 p.m.

RESUMPTION OF SESSION

At 6:18 p.m., the session was resumed.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). The session is resumed.

The Majority Leader is recognized.

ADJOURNMENT OF SESSION

REP. PALMA. Mr. Speaker, I move to adjourn the session until three o'clock tomorrow afternoon, January 29, 2020.

THE DEPUTY SPEAKER (Rep. Hataman). The session is adjourned until three o'clock tomorrow afternoon, January 29, 2020.

It was 6:18 p.m.